## APPLICATION

- Ang komunidad ng iglesya ay higit pa sa sama-samang pagdalo ng isang *worship service* o pagsamba. Simula ngayong linggo, ano ang maaari mong gawin upang patatagin at palakasin ang mga ugnayan mo sa iglesya? Sa palagay mo, paano lalago ang mga Kristiyano sa pagmamahal nila sa isa't isa?
- Mayroon bang pumipigil sa iyo na ibahagi ang iyong buhay at itatag ang iyong buhay sa komunidad mo ng iglesya? Maglaan ng oras ngayong linggo upang makapag-isip, manalangin, at humingi sa Diyos ng karunungan tungkol sa dapat mong gawin. Maaaring makatulong ang pakikipag-usap mo sa isang kapwa mananampalataya.
- Humiling sa Diyos ng dalawa o tatlong tao na maaari mong mabigyan ng lakas ng loob ngayong linggo. Tukuyin ang mga praktikal na bagay na maaari mong gawin upang matulungan sila.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa komunidad mo ng iglesya. Hingin sa Kanya ang kakayahang magpatuloy sa pagtatatag at pagbabahagi ng iyong buhay sa mamamayan ng Diyos hindi lamang sa *worship service* at sa *Victory group meeting*.
- Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang hikayatin ang iba na patuloy na magkita-kita bilang isang komunidad ng iglesya. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang pagpalain ang iba.
- Ipanalangin ang taong maaaring nahihirapang makipag-ugnayan sa iglesya at ngayon ay pinipili na lamang na makipag-kita sa mga tao *online*. Sa kabila ng mga pagpipilian na mayroon tayo ngayon, ipanalanging hindi mawawala ang sigasig ng mga tao na pisikal na makipagkita at manalangin para sa isa't isa.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Madel Vanguardia

victory.org.ph

WE
YOUR
PEOPLE

# Pagbabahagi ng Buhay, Pagbabahagi ng Pagmamahal

WEEK 2

## WARM-UP

- Nakasali ka na ba sa isang grupo ng tao na may magkatulad na interes o *hobby*? Magkwento tungkol sa naging karanasan mo.
- Alalahanin ang isang hindi mo malilimutang salu-salo kasama ang iyong pamilya o mga kaibigan. Bakit naging espesyal ang karanasang ito?
- Magkwento tungkol sa isa sa mga pinakamahalagang sakripisyo na ginawa para sa iyo ng isang kapamilya o kaibigan? Ano ang natutunan mo sa karanasang ito?

## WORD

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.*
**MGA GAWA 2:42**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:43–47.**)

Nagsimula ang ikalawang kabanata ng Mga Gawa sa kwento tungkol sa nangyari sa araw ng Pentecostes. Naranasan ng mga tao ang isang makapangyarihang pagpapahayag ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu (Mga Gawa 2:1–4). Pagkatapos nito, ipinangaral ni Pedro ang isang sermon na umantig sa puso ng mga tao. Dahil dito, halos 3,000 katao ang nanampalataya kay Jesu-Cristo at nadagdag sa Iglesya. Matapos nilang marinig ang tungkol sa pag-ibig at sakripisyo at manampalataya sa Kanya, gusto nila Siyang mas makilala. Nagdulot ito ng paglago ng Iglesya hindi lamang sa bilang kundi maging sa kanilang debosyon sa Diyos at ugnayan sa komunidad. Titingnan natin ito ngayon.

## 1 Ang Iglesya ay naging tapat sa pagmamahal sa Diyos at sa isa’t isa.

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.* **MGA GAWA 2:42**

Ipinakita ng sinaunang Iglesya ang pagnanais nila na mas makilala ang Diyos. Naglaan sila ng oras upang makapiling Siya sa kanilang sama-samang pananalangin. Hindi lamang nila sama-samang inaral ang salita ng Diyos (ang *mga itinuturo ng mga apostol*); naglaan din sila ng panahon para magkasama-sama, kumain, at makibahagi sa komunyon (*paghahati-hati ng tinapay*) bilang isang komunidad. Bakit mahalaga na aralin ang salita ng Diyos kasama ang iba pang mga mananampalataya? Paano nalimitahan ng mga nakaraang taon ang pisikal nating pakikipagkita sa mga kasama natin sa komunidad ng iglesya? Paano mo natutunang pahalagahan ang pakikipag-ugnayan mo sa iba pang mananampalataya sa kabila ng mga limitasyon?

## 2 Ang Iglesya ay naging tapat sa pagbabahagi ng kanilang buhay at paggawa ng mga sakripisyo para sa isa’t isa.

*[44]Maganda ang pagsasamahan ng mga mananampalataya, at pinag-isa nila ang kanilang mga ari-arian para makabahagi ang lahat. [45]Ipinagbili nila ang kanilang mga lupa at mga ari-arian, at ang pera’y ipinamahagi nila sa kanilang mga kasama ayon sa pangangailangan ng bawat isa. [46]Araw-araw, nagtitipon sila sa templo at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang mga bahay. Lubos ang kagalakan nila sa kanilang pakikibahagi sa pagkain . . .* **MGA GAWA 2:44–46**

Ang mga mananampalataya na nagsasama-sama at nagbabahaginan ng lahat ng mayroon sila ay nagpapakita ng pakikipag-isa at pakikilahok. Ang sinaunang Iglesya ay hindi lamang nagbahagi ng kanilang oras at pagkain sa isa’t isa. Ibinahagi nila ang kanilang buhay. Sama-sama silang sumamba sa Diyos, tumanggap ng mga tao sa kanilang tahanan, at nagbigay nang may pagsasakripisyo upang matulungan ang mga nangangailangan. Tulad ng kahit na anong ugnayan, ang ugnayan natin sa Diyos at sa mga mamamayan ng Diyos ay lumalago ayon sa inilalaan nating dami at kalidad ng oras. Kabilang sa pagbabahagi ng buhay sa isang komunidad ng iglesya ang pagiging sensitibo sa pangangailangan ng iba at sa pag-akay ng Banal na Espiritu kung paano ito matutugunan. Nangangahulugan ito nang paggawa ng mga bagay nang sama-sama bilang isang grupo ng mga mananampalataya. Paano iniugnay ng Mateo 25:34–40 at 1 Juan 4:20–21 ang pagmamahal sa Diyos sa pagbabahagi ng ating mga ari-arian sa iba? Ano ang mga praktikal na bagay na maaaring gawin ng mga Kristiyano ngayon upang lumago sa kanilang pagmamahal sa isa’t isa?